Filipino

Queensland Good jobs Better services Great lifestyle




# Kindy sa Queensland

## Ano ang kindy?

Ang kindergarten, tinatawag na kindy, ay isang part-time na programang pang-edukasyon para sa mga bata sa taon bago sila pumasok sa Prep (ang unang taon ng pagpasok sa paaralan sa Queensland). Ang kindy ay isang lugar kung saan ang iyong anak ay matututo sa pamamagitan ng paglalaro at pakikipag-interaksyon na susuporta sa maaga niyang pagkatuto, kagalingan at pag-unlad.

Sa paglahok sa kindy, magkakagustong matuto ang mga bata at sila ay masusuportahan sa kanilang paglipat sa Prep.

Ang mga programang kindy na aprubado ng Pamahalaang Queensland ay inihahatid ng kwalipikadong early childhood teacher. Ang mga programang kindy ay maaaring ialok sa mga early childhood education centre; piling mga paaralan sa rural at malalayong lugar at iba pang piling mga pampublikong paaralan kung saan may mga hadlang sa pag-access sa kindergarten; at sa pamamagitan ng distance education o eKindy para sa ilang mga bata na hindi makaka-access sa isang centre.

## Pagkatuto sa kindy

Ang Kindy ay nagbibigay sa mga bata ng mga oportunidad upang:

- gumamit ng mga salita upang magsabi ng mga ideya, nadarama at pangangailangan
- magkaroon ng mga kaibigan, makipag-interaksyon at makipagtulungan sa iba
- tumukoy sa mga isyu at magkaroon ng mga kasanayan sa paglutas ng problema
- maging mas may kumpiyansa at independiyente sa kanilang mga kakayahan
- makipag-ugnayan, magsiyasat at umambag sa kanilang mundo
- dagdagan ang kanilang kaalaman at magsiyasat ng mga bagong ideya, na tutulong pabutihin ang kanilang kumpiyansa.

Narinig mo na ba?

**Free KINDY from 2024**

Free KINDY

Queensland Government

## Paano magpapa-enrol

Sa Queensland, maaaring um-attend sa kindy ang mga bata sa taon bago sila magsimulang pumasok sa Prep.

Magkakaiba ang bawat serbisyo at ang ilan ay maaaring may listahan ng naghihintay, kaya magandang ideya ang makipag-usap sa iyong piniling serbisyo tungkol sa pinakamainam na panahon para mag-enrol ng iyong anak.

Ang iyong anak ay dapat 4 na taong gulang pagdating ng 30 Hunyo sa taon ng kanyang pag-enrol sa kindy.

| Ipinanganak ang bata | Maaaring um-attend sa kindy ang bata |
|---|---|
| 1 Hulyo 2019 hanggang 30 Hunyo 2020 | 2024 |
| 1 Hulyo 2020 hanggang 30 Hunyo 2021 | 2025 |
| 1 Hulyo 2021 hanggang 30 Hunyo 2022 | 2026 |
| 1 Hulyo 2022 hanggang 30 Hunyo 2023 | 2027 |
| 1 Hulyo 2023 hanggang 30 Hunyo 2024 | 2028 |
| 1 Hulyo 2024 hanggang 30 Hunyo 2025 | 2029 |

Ang mga kailangan mo para mag-enrol ng iyong anak:

- ang pangalan at tirahan ng iyong anak
- ang iyong mga detalye bilang magulang, tagapag-alaga o guardian
- mga detalye ng anumang mga kautusan ng korte o mga kautusan o plano ng pagmamagulang
- mga detalye ng anumang kakailanganing karagdagang suporta (halimbawa, kapansanan, allergy sa pagkain o iba pang mga pangangailangan)
- katunayan ng petsa ng kapanganakan (halimbawa, sertipiko ng kapanganakan)
- kalagayan ng kalusugan at imyunisasyon
- mga detalye ng mga taong pinapahintulutang sumundo sa iyong anak at sino ang aabisuhan sa isang emerhensya.

Pananatilihing kumpidensyal ng inyong serbisyo ang impormasyon at maa-access mo nang lubos ang mga record ng iyong anak.

Magtanong sa inyong lokal na tagapagbigay ng kindy tungkol sa

**Free KINDY from 2024**

## Pagpili ng programang kindy

Lahat ng mga bata sa Queensland ay marapat maka-attend sa isang aprubadong programa ng kindergarten sa taon bago sila pumasok sa Prep.

Ang isang aprubadong programa ng kindergarten ay tumutugon sa mga patnubay ng pamahalaan, at ito ay:

- isang programa ng pagkatuto na inihahatid ng mga kwalipikadong early childhood teacher, alinsunod sa mga patnubay ng pamahalaan
- karaniwang inihahatid sa loob ng 15 oras kada linggo, 40 linggo kada taon, para sa mga bata sa taon bago sila pumasok sa Prep
- nakaayon sa patnubay para sa pagkatuto ng kindergarten sa Queensland o iba pang programa sa pagkatuto na akreditado ng Queensland Curriculum and Assessment Authority.

Upang tumulong sa pagtukoy ng isang programang aprubado ng Pamahalaang Queensland, hanapin ang ‘kindy tick of approval’, na nasa imahe sa ibaba.

FREE Kindergarten Approved Program

Queensland Government

## Libreng Kindy simula sa 2024

Ang kindy ay ibinibigay nang libre ng Pamahalaang Queensland para sa lahat ng mga pamilya sa Queensland.

Ang kindy ay magiging libre para sa mga batang marapat um-attend sa isang programang aprubado ng pamahalaan na nag-aalok ng libreng kindy simula sa 1 Enero 2024.

Ito ay 15 oras kada linggo, 40 linggo kada taon, ng libreng kindy na ituturo ng isang kwalipikadong early childhood teacher.

Maaaring piliin ng mga pamilya ang kindy sa isang sessional kindergarten o kindergarten sa long day care.

Humanap ng pinakamalapit na libreng kindy, bisitahin ang:
**www.qld.gov.au/FreeKindy**

230233